

Para sa mga may-ari ng negosyo

Impormasyon Pensyon Pangkapakanan at sistema ng Insyurans Pangkalusugan

Ang pagpapa miyembro sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan ay makakasuporta sa buhay ng mga empleyado.



Para sa pagpapa-miyembro o konsultasyon, mangyaring dumaan sa lokal na Tanggapan ng Pensyon

日本年金機構

検索

Japan Pension Service homepage <https://www.nenkin.go.jp/>

Ang Japan Pension Service ang namamahala sa pampublikong pensyon.

Tungkol sa obligasyon ng mga miyembro

Ang mga sumusunod na negosyo ay obligado ayon sa batas na maki-isa sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan.

(Mga Tanggapan na Obligadong magsumite ng aplikasyon)

Lahat ng Tanggapan ng Korporasyon

(Isa o higit pang mga taong naka-insured)



Tanggapan ng Pribadong Kumpanya

(may 5 o higit pang mga regular na empleyado)



※ Ang mga Korporasyong kahit na ito ay isang Korporasyon ng Paaralan, ang mga Guro at Empleyado nito ay kailangan sumali sa Pribadong samahan ng mga Guro na ang systema ay may layuning tumulong sa kapwa.


※ Kahit na mayroong 5 o higit pang mangagawa ang mga Pribadong Opisina, ang ilan sa mga service industry, agrikultura, forestry, pangisdaan, livestock industry, legal affairs, atbp na negosyo ay hindi nabibilang sa obligado na sumali sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan.

Kahit na hindi obligadong sumali ang negosyo, ito ay maaari pa rin sumali sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan kung matugunan nito ang ilang mga kundisyon. (Opsyonal na mga negosyo)

Ang taong naka-insured

Para sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan, lahat ng tao na naaangkop sa bawat kumpanya (mga negosyo) ay itinuturing naka-insured na tao.

※ Ang Pensyon Pangkapakanan Insyurans ng mga empleyado ay kinakailangan hanggang sa maabot nila ang edad na 70 sa prinsipyo.




Mga maaaring makasali sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan

Ang mga regular empleyado, kinatawan ng korporasyon, mga opisyal, atbp.

Ang mga arbeits o part-time na empleyado, na ang bilang ng oras na nagtatrabaho sa isang linggo at isang buwan ay mas mataas sa 3/4 oras ng regular empleyado na may kaparehong tungkulin sa parehong kumpanya.

Kahit na mas mababa sa 3/4 na oras ng regular empleyado,

Kung nakamit mo ang ilang mga kinakailangan na oras tulad ng 20 na oras o higit pa, maaari ka nang ma-insured.



Kung kukuha ng empleyado na tumatanggap ng pensyon

Kahit ang empleyado ay na sa ilalim ng edad na 70 at tumatanggap ng pensyon (kasama ang mga espesyal na pagbabayad), maaari itong ma-insure kung siya ay nakakatugon sa mga kinakailangan.

Bilang karagdagan, ang bahagi o lahat ng pensyon ay maaaring suspindihin base sa halaga ng kabuuang kita na natatanggap (kasama ang sweldo, bonus, pensyon) sa isang buwan.

Kung kukuha ng empleyadong dayuhan

Maaari itong ma-insure kung siya ay nakakatugon sa mga kinakailangan kahit ano pa ang kanyang nasyonalidad.

Paano asikasuhin ang Insyurans Panlipunan ng probisyunal na empleyado

Anuman ang kanyang legal na kontrata sa pagtatrabaho o sa kanyang pahintulot, kung siya ay nakakatugon sa mga kinakailangan, siya ay magiging insured mula sa petsa ng simula ng kanyang probationary period.

Pamamaraan sa pagsali

Para sa mga nais sumali sa Pensyon Pangkapakanan at Insyurans Pangkalusugan, kinakailangan ng abiso mula sa employer.



Pagsali ng negosyo
Bagong abiso sa aplikasyon



Pagsali ng magpapa-insure
Abiso ng kwalipikasyon ng naka-insured



Kapag mayroong dependent
Abiso ng Dependent (paglipat)

✳️ **Mangyaring makipag-ugnay sa tanggapan ng pensyon para sa detalyadong mga pamamaraan ng abiso at mga kinakailangang dokumento.**

Maaaring i-download ang mga kailangan na form sa website ng Japan Pension Service. <https://www.nenkin.go.jp/>

Mga benepisyo ng Pensyon Pangkapakanang Insyurans

Ang Pensyon Pangkapakanan ay isang sistema na nagbibigay ng mga pensyon at pambayad sa pamamagitan ng paghiling kapag ang naka-insured na tao ay may mataas na edad, may kapansanan, o namatay.

Kapag nagka edad na <Pensyon Pangkapakanan ng mga nakatatanda>

Kapag ang taong kumuha ng Pensyon Pangkapakanan ay nakakatugon sa mga sumusunod na kondisyon, ibibigay ang pangunahing pensyon ng mga nakatatanda kasama ng Pensyon Pangkapakanan ng mga nakatatanda.

- 65 taong gulang o mas matanda (maaari rin matanggap mula sa 60 taong gulang bilang advanced pension, o pagkatapos ng 66 taong gulang bilang deferred pension)
- Naka-insured sa Pensyon Pangkapakanan ng mahigit sa isang buwan
- Mayroong sapat na panahon para sa kwalipikasyon upang matanggap ang pangunahing pensyon ng nakatatanda

Bilang karagdagan, ang mga nakakatugon sa mga sumusunod na kondisyon sa pagitan ng edad na

60 at 65, ay makakatanggap ng espesyal na bayad na pensyon ng mga nakatatanda

(Ang edad kung saan nagsisimula ang pagbabayad ay depende sa petsa ng kapanganakan at kasarian.)

- Mahigit sa 60 taong gulang
- Naka-insured sa Pensyon Pangkapakanan ng mahigit sa isang taon
- Mayroong sapat na panahon ng kwalipikasyon upang matanggap ng pangunahing pensyon ng mga nakatatanda.

60 taon

65 taon

Espesyal na bayad Pensyon Pangkapakanan ng mga nakatatanda.	Pensyon Pangkapakanan ng mga nakatatanda.
	Pangunahing Pensyon ng mga nakatatanda

Kapag may kapansanan <Pensyon ng may kapansanan>

Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakit o pinsala habang nakatala sa Pensyon Pangkapakanan Insyurans, maaari kang makakuha ng mga benepisyo sa unang araw ng konsultasyon (ang araw na una mong binisita sa ospital) depende sa iyong kondisyon.

✳️ **Kinakailangan na mayroong isang panahon kung saan ikaw ay nakakabayad ng tiyak na porsyento ng kontribusyon.**

Pensyon Pangkapakanan ng mga nakatatanda.
Pangunahing Pensyon ng mga nakatatanda

Grado ng Kapansanan 1~2

Ibibigay ang pensyon pangkapakanan ng mga nakatatanda at pangunahing pensyon ng mga nakatatanda.

Grado ng Kapansanan 3

Ibibigay ang pensyon pangkapakanan ng mga nakatatanda lamang.

Grado ng Kapansanan 3 pababa

Ibibigay ang alawans ng may kapansanan bilang isang kabuuan.

Pensyon Pangkapakanan ng mga nakatatanda.

Alawans ng may Kapansanan

Kapag Pumanaw <Pensyon ng mga Naulila>

Kapag pumanaw habang nakatala sa Pensyon Pangkapakanan Insyurans (kasama ang pagpanaw dahil sa pinsala at sakit sa loob ng 5 taon mula sa petsa ng unang konsultasyon), makakatanggap ng Pensyon ang mga taong sinusupportahan nito bago ito Pumanaw.

✳️ **Kinakailangan na mayroong isang panahon kung saan ikaw ay nakakabayad ng tiyak na porsyento ng kontribusyon.**

- Ang mga makakatanggap ng Pensyon ng mga Naulila Mga may mas mataas na prayoridad (May mga kondisyon tulad ng edad.)

① Dependent o anak

② Tatay o Nanay

③ Apo

④ Lolo o Lola

Ang asawa't anak o ang anak ng anak nito

Pensyon ng mga Naulila
Pangunahing Pensyon ng mga Naulila

Iba pang mga Naulila

Pensyon ng mga Naulila

- Kung ang dependent ay may asawa, o anak, ibibigay ito kasama ng Pangunahing Pensyon ng Naulila. (May mga kondisyon tulad ng edad.)

Mga benepisyo ng Insyurans Pangkalusugan

Ang Insyurans Pangkalusugan ay sistema na makakatulong sa oras na ang naka-insured o ang dependent na pamilya ay magkasakit o magkapinsala. Sa pamamagitan ng pagpasa ng aplikasyon, maaaring makatanggap ng benepisyo o diskwento sa gastos medikal.



※ Upang makatanggap ng benepisyo mula sa Insyurans Pangkalusugan may mga itinakdang kondisyon na importanteng matugunan. Para sa aplikasyon at konsultasyon sa mga benepisyo ng Insyurans Pangkalusugan, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sangay ng Dibisyon ng Administrasyon ng Pambansang Kapisanan ng Insyurans Pangkalusugan. Ang detalyadong impormasyon tungkol sa mga benepisyo, mga form ng aplikasyon, mga pamamaraan, atbp ay matatagpuan sa website ng Pambansang Kapisanan ng Insyurans Pangkalusugan. (<https://www.kyoukaikenpo.or.jp/>).

Pagkalkula ng bayad para sa Insyurans Pangkalusugan

Ang Premyerang Pensyon Insyurans at Insyurans Pangkalusugan ay nakabase sa pamantayan ng sweldo ng taong naka-insured. Ito ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagmultiplika sa buwanang sweldo sa pamamagitan ng Halaga Insyurans sa ibaba. Ang Bonus ay nakakalkula sa pamamagitan ng pagmultiplika ng halaga alinsunod sa pamantayan ng Bonus kapareho ng Premyerang Halaga kahalintulad sa Buwanang Premyera.

■ Basehan ng buwanang sweldo

- Pensyon Pangkapakanan Insyurans Grado1 (¥88,000) ~ Grado32 (¥650,000)
- Ang tagapangasiwa ng Insyurans Pangkalusugan ay ang Pambansang Kapisanan ng Insyurans Pangkalusugan Grado1 (¥58,000) ~ Grado51 (¥1,390,000)

■ Basehan para sa halaga ng bonus

Ang halagang nakuha sa matapos bawasan ng praksyon na mas mababa sa ¥1,000 mula sa halagang ng bonus

■ Primyerang Halaga ng Insyurans (Subject to change)

- Pensyon Pangkapakanan Insyurans 183.00/1000
- Ang tagapangasiwa ng Insyurans Pangkalusugan ay ang Pambansang Kapisanan ng Insyurans Pangkalusugan Nag-iiba ito para sa bawat prefecture. Para sa detalye, mangyaring makipag-ugnay sa Pambansang Kapisanan ng Insyurans Pangkalusugan na nangangasiwa sa Insyurans Pangkalusugan.
- Mga kontribusyon para sa bata at pangangalaga sa mga ito. 3.6/1000 (Ang kabuuang halaga ay babayaran ng Employer)

Ang bayad sa insyurans ay pinaghahatian ng Employer at ng Empleyadong naka-insured. Kinokolekta ito ng Employer at buong binabayaran sa Tanggapan ng Pensyon.

Bilang karagdagan, ang mga kontribusyon para sa bata at pangangalaga sa mga ito ay buong babayaran ng Employer. (Walang babayaran ang Empleyadong naka-insured.)

Para sa detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pensyon.